



NEW MUSLIM
ACADEMY

Mga Pundasyon ng Islamikong Katangian para sa mga Bagong Muslim

Pagbuo ng Puso Bago Pagbutihin ang Pagsasanay





Una ang Pag-uugali

Ang pagpasok sa Islam ay hindi lamang tungkol sa pag-aaral ng mga bagong paniniwala o pagsasagawa ng mga bagong ritwal. Ito ay tungkol sa muling paghubog ng puso, nang malumanay at matatag. Maraming bagong Muslim ang nakakaramdam ng kahirapan na baguhin ang lahat nang sabay-sabay. Hindi iyon hinihingi ng Islam. Nagsisimula ito sa pag-uugali dahil ang pag-uugali ay nagpapanatili ng pananampalataya habang ang kaalaman ay umuunlad pa.

Ang mabuting pag-uugali ay hindi isang pangwakas na detalye na idinagdag sa ibang pagkakataon. Ito ang pundasyon kung saan tumatayo ang pagsamba, pag-aaral, at espirituwal na paglago.



Ano Ang Kahulugan ng “Pag-uugali” sa Islam

Sa Islam, ang pag-uugali ay kung paano ka maipag-unayan sa Allah, sa mga tao, at sa iyong sarili.

Kabilang sa Islamikong pag-uugali ang:

- Katapatan kahit na ito ay hindi madali.
- Pagtitiis sa panahon ng kahirapan.
- Kabutihan na walang inaasahang kapalit.
- Pagpapakumbaba ng walang galit sa sarili.
- Integridad kapag walang nakakakita.

Ang pag-uugali ay hindi tungkol sa pagpapakita na banal. Ito ay tungkol sa pagiging maaasahan, mahinahon, at tapat.

Malinaw na binuod ng Sugo ﷺ ang misyon ng Islam: "Ako ay isinugo upang gawing ganap ang marangal na pag-uugali."

Inilalagay ng pahayag na ito ang pag-uugali na sentro ng pananampalataya.

Bakit Mas Mahalaga ang Pag-uugali Kaysa sa Iyong Inaakala

Maraming tao ang nag-aakala na ang kaalaman sa Islam sa sarili nitong paraan o sa panlabas na pagsasagawa ng mga ritwal ay tumutukoy sa pagiging malapit sa Allah. Ang Islam ay nagtuturo ng mas malalim na bagay.

Mabuting pag-uugali:

- Nagpapalakas ng pananampalataya.
- Pinoprotektahan ang mga ugnayan.
- Nagpapalambot ng puso.
- Ginagawang makabuluhan ang pagsamba.

Maaaring nag-aaral pa rin ang isang tao kung paano manalangin nang perpekto, ngunit ang kanilang katapatan, pagtitiis, at awa ay maaaring mahalin na ng Allah.

Itinuro ng Sugo ﷺ na ang pag-uugali ay nagdadala ng napakalaking timbang: "Walang mas mabigat sa timbangan ng mga gawa sa Araw ng Paghuhukom kaysa sa mabuting pag-uugali." Kabilang dito ang maliliit na pang-araw-araw na kilos na kadalasang hindi napapansin.

Ang Iyong Ugnayan sa Allah ang Huhubog sa Iyong Pagkatao

Ang Islamikong pag-uugali ay nagsisimula sa kung paano mo tinitingnan ang Allah.

Kapag kinikilala mo ang Allah bilang:

- Mahabagin.
- Mapagpaumanhin.
- Makatarungan.
- Magiliw sa Kanyang mga Alipin.

Bilang kapalit ang iyong puso ay natututong maging maawain, mapagtiis, makatarungan, at maging mahinahon.

Pinapaalalahanan ng Allah ang Kanyang mga alipin na huwag kailanman mawalan ng pag-asa: “Sabihin mo, ‘O Aking ng mga alipin na nagmalabis [sa paggawa ng mga kasalanan] laban sa kanilang mga sarili, huwag kayong mawalan ng pag-asa sa habag ng Allah.’” (39:53)

Ang pag-asa sa Allah at ang mapitagang takot ay lumilikha ng kinakailangang balanse. Ang takot sa Allah lamang ang maaaring magpatigas ng puso. Ang pag-asa lamang nang walang pagsisikap ay nagpapahina sa determinasyon. Pinapangalagaan ng Islam ang dalawa.

Pag-uugali sa mga Tao

Binibigyang-pansin ng Islam kung paano pinakitutunguhan ng mga mananampalataya ang iba, lalo na sa mga sandali ng pagkabahala.

Kabilang sa mga pangunahing tuntunin ang:

- Pagsasalita nang katotohanan nang walang kalupitan.
- Pagpapakita ng pasensya sa panahon ng pagtatalo.
- Umiwas sa pagmamataas at panlalait .
- Pagtupad sa mga pangako at paggalang sa tiwala.

Ang Sugo ﷺ ay kilala sa kahinahunan kahit na kapag itinutuwid ang iba. Ang kalakasan sa Islam ay hindi ang pagiging maingay o dominante. Ito ay ang pagtitimpi at pagiging patas.

Maraming tao ang nauunawaan ang Islam hindi sa pamamagitan ng mga argumento, kundi sa pamamagitan ng pag-uugali.

Ang mabuting pag-uugali ay nagiging isang tahimik na paraan ng pag-aanyaya sa iba sa Islam.

Pag-uugali sa Iyong Sarili

Ang mga bagong Muslim ay kadalasang nahihirapan sa malupit na paghuhusga sa sarili. Hindi hinihikayat ng Islam ang pagpaparusa sa sarili.

Ang mabuting pag-uugali sa iyong sarili ay kinabibilangan ng:

- Naglalaan ng oras para umunlad.
- Pagtanggap sa pagkakamali bilang bahagi ng pag-aaral.
- Pagbabalik-loob sa Allah pagkatapos magkamali.
- Pag-iwas sa kawalan ng pag-asa.

Pinahahalagahan ng Allah ang katapatan kaysa sa bilis. Mas mainam ang pagiging pare-pareho kaysa sa pagiging matindi. Mas mainam ang pag-unlad kaysa sa pagiging perpekto.



Mga Pangunahing Katangian na Dapat Simulan

Sa halip na subukang ayusin ang lahat ng baga ng biglaan, hinihikayat ng Islam ang pagsisimula sa mga mahahalagang bagay.

Tumuon sa:

- **Katapatan:** Paggawa ng kabutihan para sa Allah, hindi para sa mga tao.
- **Pagpapakumbaba:** Nananatiling madaling turuan.
- **Pagtitiyaga:** Pagbibigay ng oras sa pananampalataya para maisaayos.
- **Kabutihan:** Simulan sa mga pinakamalalapit sa iyo.

Ang mga katangiang ito ay likas na nagpapalakas ng pagsamba at pagkatuto.



Ang Pag-unlad ay Isang Panghabambuhay na Proseso

Hindi agad nakakalikha ang Islam ng mga banal. Kahit ang pinakamahuhusay na mananampalataya ay lumalago sa paglipas ng panahon.

Umuunlad ang pag-uugali sa pamamagitan ng:

- Pagmumuni-muni.
- Pagsisisi.
- Pagsasanay.
- Karanasan.

Ang pagbabalik-loob sa Allah pagkatapos ng pagkakamaliay mas mahalaga kaysa hindi kailanman nagkamali.



Mga Huling Palagay

Binubuo ng Islam ang puso bago ang panlabas na anyo. Hindi kailangang magmukhang katulad ng sa iba ang iyong paglalakbay. Ang bawat tapat na hakbang tungo sa mas mabuting pagkatao ay isa nang pinagpalang gawain.

Ang pananampalataya ay makikita hindi lamang sa panalangin, kundi pati na rin sa pagtitiis. Hindi lamang sa kaalaman, kundi pati na rin sa awa. Hindi lamang sa mga salita, kundi pati na rin sa nararamdaman ng mga tao kapag sila ay nasa paligid mo. Iyan ang pundasyon kung saan itinatayo ang lahat ng iba pa.



 **NewMuslimPH**

 **newmuslimph**

 **newmuslimPH**

www.newmuslimacademy.ph